5

# Modelong Banghay- Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa  Araling Panlipunan Grade 5**
**Interaksiyon ng Tao, Lipunan at Kapaligiran**
**Sinaunang Pamayanan sa Ilaya at Ilawud**
**Kuwarter 1: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon

**Bumuo sa Pagsusulat**

Manunulat: Jayson P. Sollorano, EdD
Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School- Pila Sub-Office, SDO-Laguna

**Tagasuri:** Marivic Pimentel, Ph.D.
Philippine Normal  University


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN/ UNANG MARKAHAN ARALIN 5 - LINGGO 5 / BAITANG 5)**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pinagmulan ng Pilipinas at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng presentasyon ukol sa pinagmulan ng Pilipinas at ng lahing Pilipino at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*1. Natutukoy ang pagkakaiba ng pamayanang Ilaya at Ilawud.*<br>*2. Nakalilikha ng isang presentasyon tungkol sa pamayanang Ilaya at Ilawud.*<br>*3. Napahahalagahan ang sariling pamayanan.* |
| **D. Nilalaman** | Interaksiyon ng Tao, Lipunan, at Kapaligiran<br>- Sinaunang Pamayanan sa Ilaya at Ilawud |
| **E. Integrasyon** | SDG #4: Quality Education<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Mallari (N/A). Sinaunang Pamayanang Pilipino. https://www.scribd.com/document/238315248/Lecture-3-Sinaunang-Pamayanan<br>Jao (2023). Pamayanan at Pamumuhay ng Sinaunang Pilipino. Retrieved from<br>https://www.slideshare.net/JoveeJao/pamayanan-at-pamumuhay-ng-sinaunang-pilipinopptx<br>https://www.slideshare.net/JoveeJao/pamayanan-at-pamumuhay-ng-sinaunang-pilipinopptx |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | ***Unang Araw***<br>**1. Maikling Balik-aral.**<br>**Panuto**: Punan ng wastong sagot ang graphic organizer sa ibaba.<br><br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal).** | Ang mga gawaing matatagpuan sa araling ito ay inaasahang magagawa sa loob ng isang linggo.<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaang ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral.<br><br>**Susi sa Pagwawasto**<br>Ang dalawang paraan ng pagtukoy ng lokasyon:<br>A. Tiyak na Lokasyon *(absolute location)*<br>1. grid<br>2. longhitud<br>3. Prime Meridian<br>4. latitud<br>5. ekwador<br>B. Relatibong Lokasyon *(relative location)*<br>1. Insular<br>2. Bisinal<br><br>Ang pagsagot sa maikling balik-aral ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | ***Unang Araw***<br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Panuto:** Sagutan ang mga sumusunod na pamprosesong tanong at isulat sa sagutang papel.<br><br>a. Ano ang pagkakaiba ng pamayanang Ilaya at Ilawud?<br>b. Paano mo papahalagahan ang sarili mong pamayanan?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 1. SUBUKIN NATIN! (#Susing Salita ng Aralin)**<br>Panuto: Isasaayos ang mga pinaghalo-halong mga titik sa bawat bilang upang mabuo ang tamang salita. Isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang kwaderno o sagutang papel. | Sa bahaging ito ay ilalahad ang mga layunin.<br><br>Maaaring umisip ang guro ng iba pang teknik upang mailahad ang mga layunin. |

| TERMINO | KAHULUGAN |
|---|---|
| APMYAANNA | Ito ay tumutukoy sa lugar o komunidad na kinabibilangan ng isang tao o grupo. |
| LIAAY | Ito ay tumutukoy sa mga pamayanan na matatagpuan sa kabundukan. |
| ILWADU | Ito ay tumutukoy sa mga pamayanan na matatagpuan sa malapit sa dagat o katubigan |

Susi sa Pagwawasto:
1. PAMAYANAN
2. ILAYA
3. ILAWUD


**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Pagproseso ng Pag-unawa**

**Konsepto: Sinaunang Pamayanan ng Ilaya at Ilawud**

**Pamayanan ng Sinaunang Pilipino**

**ILAYA**







-Isang pamayanan na nasa looban o bundok.

-Ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao dito ay pagtatanim at pangangaso.

-Ang pamayanang ito ay nakikipagkalakalan sa mga taga-Ilawud.

**ILAWUD**





-Isang pamayanan na matatagpuan malapit sa dagat o malalaking ilog.

-Ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao dito ay paggawa ng sasakyang pandagat at pangingisda.

-Ang pamayanang ito ay nakikipagkalakalan sa malapit na lugar.

Maaari pang umisip ang guro kung paano mailalahad ang mga paksa.

Maaari rin na magbigay ng ibang impormasyon bago tumungo sa aralin na ito. Maaaring ituro ang mga mungkahing paksa sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| | **Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan**<br><br>● Ang mga naisulat na pangyayari saanman at kailanman ay ang mga bumubuo ng ng kasaysayan. Nagbibigay ito ng ng larawan ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino sa kanilang pag-aangkop sa kapaligiran at pagsabay sa mga pagbabagong nagaganap. Mahalaga ang kaalaman o natutuhan sa nakaraan sapagkat batayan ito kung paano binabago o pinagbubuti ang kasalukuyang pamumuhay at ang darating pang panahon.<br>● Ang mga pamayanang Ilawud at Ilaya ay nagkaroon ng patuloy na ugnayan sa pamamagitan ng mga produkto.<br>● Mula sa mga pamayanang Ilawud nanggagaling ang mga pagkaing mayaman sa protina (tulad ng mga isda mula sa katubigan) at iba pang mga produktong makukuha sa katubigan.<br>● Samantalang sa mga pamayanang Ilaya naman nagmumula ang maraming produktong agrikultural na ang karamihan ay mula sa pagsasakang kaingin o sa mga hagdang palayan.<br><br>***Ikalawang Araw***<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 2. ISIPIN MABUTI (#Ilaya o Ilawud)**<br><br>**Panuto:** Iguguhit ang bituin ☆ sa loob ng kahon kung ang tinutukoy sa pahayag ay pamayanang Ilaya at iguguhit naman ang puso ♡ kung ang tinutukoy ay pamayanang Ilawud.<br><br>1. Isa itong pamayanan na nasa looban o bundok.<br><br>2. Ang pamayanang nakikipagkalakalan sa malapit na lugar lamang.<br><br>3. Ang pamayanang ang pangunahing hanapbuhay ay pagtatanim at pangangaso. | Maaring gumamit ang guro ng iba pang pamamaraan upang maipahayag ang pagkakaiba ng pamayanang Ilaya at Ilawud.<br><br>Susi sa pagwawasto:<br>1. ☆<br>2. ♡<br>3. ☆<br>4. ♡<br>5. ♡ |

4. Ang pamayanang ang pangunahing hanapbuhay ay pangingisda.

5. Ang pamayanang malapit sa dagat o malalaking ilog.

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 3. ROLE PLAY NAMAN TAYO! (#Ipakita ang iyong galing)**

Panuto: Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa dalawang pangkat. Ang bawat pangkat ay bubuo ng isang presentasyon sa pamamagitan ng dula. Ipapakita rito ang mga katangian ng pamayanang Ilaya at Ilawud. Ang unang pangkat ay isasadula ang mga katangian ng pamayanang Ilaya at ang ikalawang pangkat naman ay para sa pamayanang Ilawud. Gagawing batayan ng guro sa pagmamarka ang rubric sa ibaba.

| | **Napakahusay (4)** | **Mahusay (3)** | **Katamtaman (2)** | **Kailangan pang magsanay (1)** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman (Content). Ang ipinakitang presentasyon ay akma sa paksang tinalakay. | | | | |
| Pagkamalikhain (Creativity). Nagpakita ng kakaiba at makabagong pamamaraan sa presentasyon. | | | | |
| Pagtutulungan (Cooperation) Ang lahat ng | | | | |

May kalayaan ang guro na magbigay ng marka sa gawaing ito. Maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na ibang pangkatang gawain na may kaugnayan sa paksa.

Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | miyembro ay aktibong nakibahagi sa presentasyon. | | | | | |

**Puntos Kahulugan**
11-12 - Napakahusay
8-10 - Mahusay
5-7 - Katamtaman
3-4 - Kailangan pang magsanay

***Ikatlong Araw***

**Gawain 4. ANG AKING PAMILYA SA PAMAYANAN (#KABAHAGI)**

Panuto: Pupunan ng mga mag-aaral ang talahanayan ayon sa hinihinging impormasyon. Gawing gabay ang nakalagay na halimbawa. Iguhit ang puso kung hindi akma sa iyong sitwasyon.

| ANG AKING PAMILYA | AMBAG SA PAMAYANAN |
|---|---|
| 1. LOLO/LOLA | *Hal.* Ang aking lolo ay isang magsasaka, nakatutulong ang aking lolo sa mga tao para magkaroon ng pagkain. |
| 2. NANAY/TATAY | |
| 3. AKO | |
| 4. MGA KAPATID | |
| 5. BUNSONG KAPATID | |

May kalayaan ang guro na magbigay ng marka sa gawaing ito. Maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na iba pang ng gawain na may kaugnayan sa paksa.

**Gawain 4**
1-5. Maaaring iba't iba ang paraan ng pagpapaliwanag
.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang naramdaman mo habang sinasagutan ang gawain?

2. Paano mo mapapahalagahan ang mga ambag ng iyong pamilya sa pamayanan?

**Gawain 5. Pamayanan Mo, Iguhit Mo! (#Pangarap)**

Panuto: Gamit ang sagutang papel ay gumuhit ng pangarap na pamayanan sa hinaharap. Maaari mong ilagay ang lahat ng naiisip mong mga katangian ng isang magandang pamayanan. Matapos mo itong iguhit, sagutin ang mga pamprosesong tanong.



Pamprosesong Tanong:
1. Paano mo ilalarawan ang iyong iginuhit?
2. Ano ang mga kailangang gawin ng mga mamamayan upang matamo ang maganda at maayos na pamayanan?
3. Paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa sariling pamayanan?

</td>
<td>

**Gawain 5**
Maaaring iba't iba nag paraan o istilo ng pagguhit ayon sa kakayahan ng mga mag-aaral.

</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
1. Pabaong Pagkatuto
<table>
<tr><td>Pamayanang Ilaya</td><td>Isang pamayanan na nasa looban o bundok. Ang pangunahing hanapbuhay ay pagtatanim at pangangaso. Ang pamayanang ito ay nakikipagkalakalan sa mga Ilawud.</td></tr>
<tr><td>Pamayanag Ilawud</td><td>Isang pamayanan na matatagpuan sa malapit sa dagat o malalaking ilog.<br><br>Ang pangunahing hanapbuhay ay paggawa ng sasakyang pandagat at pangingisda.<br><br>Ang pamayanang ito ay nakikipagkalakalan sa malapit na lugar.</td></tr>
</table>
<br>
Ikaapat na Araw<br><br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br><br>
Gawain 6. Pagninilay<br><br>
Panuto: Magsagawa ng pagninilay hinggil sa aralin na natutunan. Kokopyahin sa kuwaderno ang talahanayan. Lagyan ng tsek ng mga mag-aaral ✓ kung ang mga nakalahad na kasanayan ay nalinang. Sasagutin din ng mga inihandang tanong.
</td>
<td>Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.<br><br>May kalayaan ang guro na magbigay ng marka sa gawaing ito. Maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na ibang gawain ng pagninilay na may kaugnayan sa paksa.</td>
</tr>
</table>

| Mga kasanayan | Hindi sapat ang kasanayan ko | Sapat ang kasanayan ko | Lubos ang kasanayan ko |
|---|---|---|---|
| Napahahalagahan ang sariling pamayanan. | | | |
| Nakalilikha ng isang presentasyon ukol sa pamayanang Ilaya at Ilawud. | | | |
| Natutukoy ang pagkakaiba ng pamayanang Ilaya at Ilawud. | | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Anong mga kaalaman at kasanayan ang natutunan mula sa aralin?

2. Anong mga kaalaman at kasanayan ang nahirapan kang matutunan?

3. Bakit nahirapan kang matutuhan ang mga nasabing kaalaman at kasanayan?

4. Kung pag-aaralang muli ang nilalaman ng aralin at gagawin ang mga pagsasanay, paano mo higit na mapagbubuti ang iyong pagkatuto?

   a. Sumangguni sa iyong naging sariling karanasan?
   b. Sumangguni sa iyong mga kamag-aral at tanungin ang kanilang naging karanasan sa pag-aaral?
   c. Sumangguni sa iyong guro at humingi ng mga mungkahi

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>1. Pagsusulit<br>Tama o Mali<br>Panuto: Isulat ang TAMA kung ang isinasaad sa pangungusap ay wasto at isulat ang MALI kung ang isinasaad ay di-wasto.<br><br>________ 1. Ang pamayanang Ilaya ay matatagpuan sa mga bundok.<br><br>________ 2. Ang pangunahing hanapbuhay ng pamayanang Ilaya ay pagtatanim at pangangaso.<br><br>________ 3. Ang pamayanang Ilawud ay matatagpuan sa malalapit sa dagat o malalaking ilog.<br><br>________ 4. Ang pangunahing hanapbuhay ng pamayanang Ilawud ay pagsasaka.<br><br>________ 5. Ang pamayanang Ilawud ay gumagamit ng mga makabagong teknolohiya.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>INTERVIEW (#Handa ka na ba?)<br><br>Panuto: Magkaroon ng panayam ang mga mag-aaral sa mga nakakatanda sa bahay, maaaring ito ay ang mga magulang, lolo o lola, o kahit sino na mas matanda sa kanila. Itatanong ang mga sumusunod na katanungan at isusulat ang kanilang mga sagot sa kanilang kuwaderno.<br><br>1. Saang lugar o pamayanan ka nakatira?<br><br>2. Mahalaga ba na may pamayanan na kinabibilangan ang isang tao? Ipaliwanag<br><br>3. Ano ang iyong hanapbuhay?<br><br>4. Ano ang mensahe mo sa mga mag-aaral na nag-aaral ng mabuti upang marating ang mga pangarap sa buhay?</td><td>Susi sa pagwawasto<br>1. Tama<br>2. Tama<br>3. Tama<br>4. Mali<br>5. Mali<br><br>Sa gawaing ito ay maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na may kaugnayan sa paksa bilang karagdagang gawain.</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***B.*** **Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |


| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Jayson P. Sollorano, Ed.D.*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Don Manuel Rivera Memorial Integrated NHS- Pila Sub-office, SDO-Laguna*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |